

Awit 11:7

Si Yahweh ay matuwid at sa gawang mabuti'y nalulugod; sa piling niya'y mabubuhay ang sa kanya'y sumusunod. (Ang Bagong Magandang Balita Biblia)

Panimula

1. Ibahagi ang isang karanasan kung saan naramdaman mong ang nangyari sa iyo o kaya'y ginawa ng ibang tao (iwasang magbanggit ng pangalan) ay hindi tama para sa 'yo o kaya'y masasabi mong *unfair*? Nabawasan ba ang tiwala mo sa taong ito? Bakit?

Kahit kailan ay wala tayong dahilan na bawasan ang pagtitiwala natin sa Diyos dahil kailanman ay hindi siya makagagawa ng mali o anumang bagay na hindi makatarungan (*unjust or unfair*). **Our God is a righteous and just God.** Ang katuwiran at katarungan ng Diyos ay magkahawig na konsepto at hindi maaring paghiwalayin. ***Matuwid ang Diyos dahil lahat ng kanyang ginagawa ay tama.*** Ang basehan ng mga gawang matuwid ay ang Diyos mismo at ang kanyang Salita. Sinumang hindi gumagawa ng matuwid ay bibigyan ng Diyos ng karampatang parusa. Sinumang sumusunod sa kanyang katuwiran ay bibigyan ng Diyos ng karampatang gantimpala. Iyan ang ibig sabihin ng katarungan ng Diyos.

Pagsasaliksik

2. Ang katuwiran ng Diyos ay isang patunay ng kanyang kadakilaan. Basahin ang Deuteronomio 32:3-4. Paanong ang kanyang katuwiran at katarungan ay nagpapahayag ng kanyang kadakilaan? Paano kung ang Diyos natin ay nagkakamali?

3. Ipinakikita ng Diyos sa atin ang gawang matuwid sa pamamagitan ng kanyang mga utos sa Biblia. Basahin ang Awit 19:8 at Isaias 45:19. Ano sa tingin mo ang dahilan kung bakit hindi tayo sumusunod sa utos ng Diyos gayong alam naman nating siya'y matuwid at ang kanyang salita ay matuwid? Magbigay ng halimbawa.

4. Kung matuwid ang Diyos, hindi tayo makakareklamo na ang isang bagay na ginawa niya ay mali. Basahin ang Job 4:2, 8. Anong mga bagay ang madalas inireklamo natin sa Diyos? Paano makakatulong sa mga sitwasyong ganito ang katotohanang lahat ng ginagawa ng Diyos ay matuwid?

5. Dahil matuwid ang Diyos kinalulugdan niya ang mga gawang matuwid. Basahin ang Awit 11:7, Awit 33:5 at Jeremias 9:24. Sa paanong paraan nalulugod ang Diyos sa ating mga gumagawa ng matuwid (tingnan ang Awit 58:11)? Ano ngayon ang dapat nating reaksyon kung may mga tao na laban sa atin kahit pa nagpapatuloy tayo sa paggawa ng tama?

6. Kung nalulugod ang Diyos sa gawang mabuti, siya naman din ay namumuhi sa mga gawang masama. Basahin ang Deuteronomio 7:10. Sa paanong paraan ipinapakita ng Diyos ang kanyang pagkagalit sa gawang masama? Dapat ba nating kainggitan ang mga taong naging mayaman, sikat at makapangyarihan kahit na sila ay gumagawa ng masama? Bakit?

7. Kung ang Diyos ay matuwid, ang mga matuwid lamang ang makakapasok sa kanyang kaharian sa langit. Basahin ang Awit 11:7. Ang mga hindi matuwid ay hindi makakapasok ayon sa 1 Corinto 6:9-10. Ayon sa Roma 3:10 wala ni isa man sa ating ang matuwid. Kung gayon, paano tayo magkakaroon ng katuwiran na kailangan upang maligtas? Basahin ang Roma 3:21-26. Ano ang implikasyon nito sa ating buhay Kristiyano?

Pagsasabuhay

8. Anong utos ng Diyos ang nahihirapan ka ngayon na sundin? Ano ang gagawin mo upang mas maging malaki ang iyong tiwala sa kanya sa pagsunod sa utos na ito?

9. Anong pangyayari ngayon sa buhay mo ang sa tingin mo ay hindi dapat nangyayari sa iyo? Paano mo babaguhin ang iyong tugon sa pangyayaring ito ayon sa napag-aralan mo ngayon tungkol sa pagiging matuwid ng Diyos?

10. Anong isang matuwid na gawa ang sa tingin ninyo ay inuudyukan kayong gawin ng Diyos bilang isang Kaagapay? Ipanalangin itong mabuti at simulang magplano. Maaaring ito ay pag-abot sa mga taong hindi nakakaranas ng katarungan o kaya'y pakikilaban sa mga gawang masama.